

# ANG MGA KARAPATAN NG MGA BIKTIMA SA CANADA

## COMMUNITY IMPACT STATEMENTS (MGA PAHAYAG TUNGKOL SA EPEKTO SA KOMUNIDAD)

### Ano ang ibig sabihin ng community impact statement (pahayag tungkol sa epekto sa komunidad)?

Ang community impact statement ay isang nakasulat na pahayag na naglalarawan ng pinsala o loss na dinulot ng isang offence (pagkakasala) sa isang komunidad. Ang pahayag ay ipresenta ng isang tao sa komunidad sa ngalan ng komunidad. Kung pinili ng komunidad na magsumite ng isang community impact statement, dapat ito isaalang-alang ng Hukuman kapag sinentensiyahan nito ang isang táong nagkasala.

Kinikilala ng mga community impact statement na maaaring malaki ang mga epekto ng krimen. Paminsan-minsan, ang biktima ng isang pagkakasala ay mahigit pa sa isang tao – ito’y isang komunidad. Ang layunin ng mga community impact statements ay ang pahintulutan ang komunidad na ipaliwanag sa Hukuman at sa táong nagkasala kung paano naapektohan ng krimen ang komunidad.

### Sino ang maaaring maghanda ng isang community impact statement?

Ang bawat komunidad ay pipili ng isang taong maghahanda ng community impact statement. Ito’y maaaring sinomang tao mula sa komunidad na nasaktan ng isang pagkakasala, o na may kaalaman tungkol sa pinsala nito sa komunidad. Halimbawa, ang mga organisasyon sa komunidad, ang mga lungsod, mga relihiyosong organisasyon, at Aboriginal bands ay naghanda ng community impact statements.

### Bago ba ang community impact statements?

Matagal nang tinatanggap ng mga hukuman sa Canada ang community impact statements para sa iba’t-ibang mga pagkakasala. Noong 2011, ispesipikong inaprubahan ng *Criminal Code (Kodigo Kriminal)* ang paggamit nito para sa fraud offences (mga pagkakasalang nauukol sa pandaraya).

Pinahihintulutan ng Seksyon 722.2 ng *Criminal Code*, na siyang nagkabisa noong Hulyo 23, 2015, ang mga komunidad na maghanda ng community impact statements para sa lahat ng mga pagkakasala. Ipinapahayag ng Seksyon 722.2 na ang community impact statements ay angkop na sentencing aids (nakakatulong sa pagbigay ng sentensiya) para sa lahat ng mga pagkakasala sa Canada.

 ANG KARAPATAN NA MAKAKUHANG IMPORMASYON

 ANG KARAPATAN NA MAKAKUHA NG PROTEKSYON

 ANG KARAPATAN NA LUMAHOK

 ANG KARAPATAN NA HUMINGI NG RESTITUSYON

 ANG KARAPATAN NA MAGREKLAMO

## Maaari bang basahin nang malakas ng isang community representative (kinatawan ng komunidad) ang community impact statement?

Kung nais basahin nang malakas ng isang community representative ang community impact statement sa panahon ng sentencing hearing (paglilitis para sa sentensiya), dapat ito pahintulutan ng Hukuman. Maaaring piliin ng Hukuman na pahintulutan ang isang komunidad na ibigay nito ang kanyang community impact statement sa ibang paraan na itinuturing na naaangkop, tulad ng isang pre-recorded video.

Maaari rin hilingin ng isang community representative ang Hukuman na pahintulutan siyang basahin ang pahayag habang may nasa tabi niyang isang support person na gusto niya, o habang siya'y nasa likod ng isang screen o nasa labas ng hukuman gamit ang closed-circuit television upang hindi niya kailangang makita ang taong nagkakasala. Dapat pahintulutan ng Hukuman ang mga request na ito.

## Ano ang maaaring isama sa community impact statement?

Ang isang community impact statement ay dapat ihanda gamit ang standard na pormularyo para sa community impact statement na siyang ginagamit sa lahat ng provinces at territories. Dapat ipahayag

ng statement kung bakit nagsasalita ang community representative para sa komunidad. Maaaring ilarawan ng representative kung paano naapektohan ng pagkakasala ang emosyonal, pangkatawan, at pinansyal na kabutihan ng mga miyembro ng komunidad, at maaari rin niya ilarawan ang anumang takot na maaaring mayroon ang mga miyembro ng komunidad sa kanilang kaligtasan o sa kaligtasan ng kanilang mga pamilya at mga kaibigan. Maaaring magsama ng drawing, tula, o sulat ang community representative, upang ipahayag kung paano naapektohan ng pagkakasala ang komunidad.

## Paano ba isinusumite ang community impact statement?

Maaaring magtatag ang bawat province at territory ng kani-kanyang sariling paraan ng pagsusumite ng community impact statements. Ang pormularyo para sa community impact statement ay maaaring hingin mula sa pulis, victim services, o mula sa prosecutor (nagsasakdal). Ang victim/community impact statement program sa isang province o territory ay maaaring tumulong sa pagkompleto ng pormularyo. Ang kinompletong pormularyo ay maaaring ibigay sa victim services o sa prosecutor.

Ang taong nagkakasala o ang kanyang abogado ay maaari rin bigyan ng kopya ng kinompletong pormularyo ng community impact statement at maaari nito i-cross-examine ang isang community representative tungkol sa statement.

---

## Saan pa ba makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Mayroong makukuhang tulong kung ikaw o isang taong kilala mo ay naging biktima ng isang krimen. Ang lahat ng provinces at territories ay nag-aalok ng mga serbisyo para sa mga biktima ng krimen. Matutulungan ka nila kung kailangan mo ng impormasyon o ng ibang tulong. Ang Direktoryo ng Victim Services ay makakatulong sa iyo na humanap ng victim services malapit sa iyo:

<http://www.justice.gc.ca/eng/cj-jp/victims-victimes/vsd-rsv/index.html>